# Ano ang pagpapabagong-anyo na net zero?



Sa kabuuang Australya, ang mga pamahalaan, negosyo at komunidad ay magkasamang nagtutulungan upang marating ang neutral sa karbon (net zero) na mga ibinugang karbon at methane gas (greenhouse gas emissions) pagsapit ng 2050.



**Ano ang neutral sa karbon (net zero)?**
Ang net zero ay nangangahulugang pagbabalanse ng dami ng ibinugang karbon at methane gas (greenhouse gas emission) na ibinubuga at pagkatapos ay inaalis sa atmospera.





## Paano natin maaabot ang net zero na mga emission?

Para makarating sa net zero ay tungkol sa mas marami pang bagay at hindi lamang sa pagpapalit ng paggamit ng napapabagong enerhiya. Kakailanganin nito ang isang napakamalaking pagpapabagong-anyo ng ekonomiya lalo na sa ating mga mahahalagang rehiyonal na komunidad.

Kabilang sa ilang mga paraan na ating itinatatag para sa isang ekonomiyang net zero ay:

- **Pagtatayo ng mga imprastruktura ng enerhiya katulad ng hangin, solar at mga baterya**
- **Pagtatayo ng mga bagong industriya para sa hinaharap, tulad ng paggawa ng hydrogen para sa mas malinis na panggatong**
- **Pag-aalis-karbon sa mga nakatayo nang mga industriya kagaya ng pagawaan, agrikultura at pagmimina**
- **Paggawa ng mga napapabagong teknolohiya gaya ng mga panel na solar**
- **Mga inisyatiba sa bagong pananaliksik at pagkokomersyo**
- **Pagsasanay para sa mga bago at kasalukuyang manggagawa**
- **Pagpapapahusay ng ating mga siyudad sa pamamagitan ng pagbabawas ng ibinabasura at pagtatayo ng mga gusali na mas episyenteng gumamit ng enerhiya.**



Australian Government

Bisitahin ang **futuremadeinaustralia.gov.au** para mas lalong malaman ang tungkol sa paglalakbay tungo sa net zero.